

# NATUKLASAN MO NA BA ang tunay nitong Ganda?

Dr. Naji Ibrahim



©Naji Ibrahim Arfaj, 2007
K.F. National Library
Cataloging-in-Publication Data
Arfaj, Naji Ibrahim
Have You Discovered its Real Beauty?
Naji I. Arfaj / 2007

93p. 19cm
ISBN: 9960-56-904-7

210 dc 1427/6893

Legal Deposit No. 1427/6893
ISBN: 9960-9345-0-0

2019

NATUKLASAN MO NA BA

# *ang tunay nitong Ganda?*

Dr. Naji Ibrahim

# TALAAN NG MGA NILALALAMAN


2 **UNANG BAHAGI:**
TUKTOK LAMANG NG BUNDOK NG YELO

6 MAHAHALAGANG KAHULUGAN

8 **IKALAWANG BAHAGI:**
PAGSAGOT SA MGA KRITIKAL NA TANONG NG SANGKATAUHAN

9 ANO ANG KATOTOHANAN?

16 SINO ANG TUNAY NA DIYOS?

18 NATUKLASAN MO NA BA ANG MGA LIHIM NA ITO?

19 PAANO MAKAKAMIT ANG KAPAYAPAAN NG KAISIPAN, KAPANATAGAN AT KALUGURAN?

22 ANG ANIM NA HALIGI NG PANANAMPALATAYA

25 ANG LIMANG HALIGI NG ISLAM

38 **IKATLONG BAHAGI:**
ANG KAGANDAHAN AT KADALISAYAN NG DAKILANG QUR'AN

40 MAGAGANDANG TALATA MULA SA QUR'AN

40 KAPATAWARAN AT KALIGTASAN

42 KATARUNGAN

47 PAGKAKAPANTAY-PANTAY

50 PAGKASANDAIGDIGAN AT KAISAHAN NG MENSAHE

52 ILAN PANG MGA MAGAGANDANG TALATA NA DAPAT UNAWAIN AT SURIING MABUTI

52 ANG ALLAH AT ANG KANYANG SUGO

53 KAPANATAGAN AT (HARDIN) PARAISO

54 ANG MGA KALALAKIHAN AT MGA KABABAIHAN (SA ISLAM)

55 MGA MANINGNING NA KATURUAN

56 MGA DAPAT AT DI-DAPAT GAWIN

56 PAG-AALAALA AT KAPANATAGAN

58 **IKAAPAT NA BAHAGI**
ISANG MAGANDANG AMBAG

62 **IKALIMANG BAHAGI**
ANG KATOTOHANAN HINGGIL SA HULING PROPETA

64 ANG KATANGI-TANGING PAG-UUGALI NI PROPETA MUHAMMAD

66 SI PROPETA MUHAMMAD AYON SA MGA KASULATAN NG MUNDO

73 MGA HANGO NG KUNG ANO ANG KANILANG SINABI HINGGIL KAY PROPETA MUHAMMAD

78 MGA MAGAGANDANG KAWIKAANG PANG-PROPETA

84 **IKAANIM NA BAHAGI**
MGA MAGAGANDANG PANGALAN AT KATANGIAN NG DIYOS

88 **IKAPITONG BAHAGI**
PAGBUBUOD

91 MGA SANGGUNIAN AT MGA PINAGKUKUNAN

93 MGA LATHALA NG MAY-AKDA



UNANG BAHAGI

# TUKTOK LAMANG NG BUNDOK NG YELO ANG NAKALANTAD

Ang aklat na ito ay maghahandog sa atin ng ilan lamang sa mga kagandahan at mga kadakilaan nito.

- Ito ay naghihikayat sa atin na magkaroon ng mabuting intensyon, tamang pag-uugali at mabuting damdamin sa kapwa.
- Ito ay nagtuturo sa atin na magpatawad, at naisin para sa kapwa ang anumang ninanais natin para sa ating sarili.
- Ito ay naghihikayat sa atin na ngumiti nang tapat at maging mabuti sa kapwa.
- Ito ay nagtatagubilin sa atin na maging mapitagan.
- Ito ay nag-aatas sa atin na magkaroon ng tamang asal at kumilos nang kagalang-galang.
- Ito ay nagtuturo sa atin na maging mabuti sa mga tao, sa mga hayop, sa mga ibon at sa ating kapaligiran.
- Ito ay nagtatagubilin sa atin ng paggalang at pag-aaruga sa ating mga magulang at mga matatanda; at maging mabuti sa ating mga pamilya, mga asawa at mga anak.
- Ito ay naghihikayat sa atin na tumulong, magpakain, at sumuporta sa mga mahihirap, sa mga nangangailangan at sa mga may kapansanan.
- Ito ay naghihimok sa atin na mag-isip, umunawa at maingat na sumuri (magnilay-nilay), mangatwiran at iayon ang ating mga paghahatol batay sa mga katibayan.

**NATUKLASAN MO NA BA KUNG ANO ITO?**

**Bago ko ihayag nang tuwiran ang lihim na ito, hayaan ninyo muna akong maglahad ng ilan pang mga katangian nito bilang karagdagan, 'Ito' rin ay...**

- nagtuturo sa atin na ang lahat ng tao ay pantay-pantay, anuman ang kanilang lahi, kulay o bansang kinabibilangan.
- nagtatagubilin sa atin na huwag manakit, mapoot, labagin ang karapatan ng iba, mangutya o maghamak ng kapwa.
- malinaw na nagsasabi sa atin kung bakit tayo ay narito, sino ang nagdala sa atin dito, saan tayo patutungo at kung ano ang ating huling hahantungan.
- nagtatagubilin sa atin na mamuhay nang payapa at magkaroon ng mabuting ugnayan sa Diyos, sa sarili at sa iba.
- malinaw na tumutugon sa ating mga mahahalaga, makabuluhan at maselan na mga katanungan.

**Walang pag-aalinlangan, ito ay mag-aakay sa atin tungo sa ganap na katotohanan at tagumpay, tunay na kapanatagan ng kaisipan at kalooban, tunay na kaligayahan, kaligtasan at buhay na walang-hanggan.**

## Maniniwala ka bang ang kabigha-bighaning tuklas na ito ay ang...

# ...Islam?

*Kung ang ating mga kaisipan ay nabihag kaagad ng hindi tamang opinyon, haka-haka o paghatol nang pauna, kailanman ay hindi natin makikita ang kagandahan o katotohanan ng anumang bagay.*

Maaaring mayroon kang maling pag-aakala, hindi tamang pagkaunawa hinggil sa Islam. Maaaring nabatid mo lamang ito sa pamamagitan ng pagsasalarawan ng midya na nag-uulat hinggil sa mga terorista – na sila na mga kakaunti na maaaring mga terorista nga ay walang relihiyon na kinabibilangan. Maaari rin namang nabasa mo o di kaya'y narinig ang Islam sa isang di-mapagkakatiwalaang batayan na walang malinaw na basehan o may kinikilingan na iba.

Na kung kaya, ikaw ay aking inaanyayahan na ilayon sa iyong kalooban at bukas-isipan mong basahin ang aklat na ito na papatotohanan ang ganda, kalinawan at pagiging payak ng Islam.

**Bilang mga halimbawa ng kalinawan at kagandahan nito, itinatampok ng Islam ang:**

- paglilinaw tungkol sa paglikha sa sandaigdigan.
- paglilinaw tungkol sa paglalang sa atin.
- paglilinaw tungkol sa ating ispirituwalidad.
- paglilinaw at pagdadalisay sa konsepto ng Diyos.
- paglilinaw sa konsepto ng pagsamba.
- paglilinaw tungkol sa tunay na layunin ng buhay.
- paglilinaw tungkol sa kabilang-buhay.
- paglilinaw tungkol sa ating huling hahantungan (Paraiso o Impiyerno).
- paglilinaw tungkol sa kung paano natin makakamit ang tunay na kaligayahan at ganap na tagumpay.



**Bago tayo magsimula, tandaan po natin ang mga mahahalagang kahulugan ng mga pang-Islamikong talasalitaan na ito:**

## ALLAH:

Sa wikang Arabic, Allah ang pangalan ng nag-iisa at tunay na Diyos, ang Tagapag-likha. Itinuturo ng Islam na ang Allah ang Siyang tunay na Diyos ng lahat ng mga nilalang. Ang mga Hudyo at Kristiyanong Arabo ay ginagamit din ang pangalang ito (Allah) sa pagtukoy sa Diyos na Tagapaglikha.



*Ang Pangalang Allah sa kaligrapiyang Arabic*

## MUHAMMAD:

Ang huling Sugo ng nag-iisa at tunay na Diyos (Allah); ipinadala si Muhammad (nawa'y mapasakanya ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) para sa lahat ng sangkatauhan.



*Ang Pangalang Muhammad sa kaligrapiyang Arabic*

## ISLAM:

Ang ibig sabihin nito ay pagtalima o pagsuko ng buong sarili sa kagustuhan ng nag-iisa at tunay na Diyos (Allah).

## MUSLIM:

Siya na isinuko ang buong sarili sa kagustuhan ng nag-iisa at tunay na Diyos (Allah).

## ANG KABANAL-BANALAN NA QUR'AN:

Ang huling Kapahayagan ng nag-iisa at tunay na Diyos (Allah) na ipinahayag kay Propeta Muhammad.



IKALAWANG BAHAGI

# PAGSAGOT SA MGA KRITIKAL NA TANONG NG SANGKATAUHAN

Sinasagot ng Islam ang mga pinakakritikal at mahahalagang katanungan ng sangkatauhan na tulad ng mga sumusunod:

- Ano ang Katotohanan?
- Sino ang lumikha sa atin?
- Sino ang ating tunay na Diyos?
- Sino ang huling Sugo ng Diyos?
- Sino ang dapat nating sambahin?
- Sino tayo?
- Bakit tayo naririto?
- Ano ang kasunod pagkatapos ng kamatayan?
- Ano ba ang hitsura ng kabilang-buhay?
- Ano ang ating huling hahantungan (Paraiso ba o Impiyerno)?
- Paano natin makakamtan ang tunay na kapayapaan ng isip, dakilang tagumpay at tunay na kaligayahan?
- Paano natin makakamit ang buhay na walang-hanggan?

*Sa pagkakaroon ng bukas na isipan at puso na laan sa pagtuklas sa katotohanan, kung maaari sana'y masusi po natin itong basahin at kayo na rin ang humusga para sa inyong sarili.*

## ANO ANG KATOTOHANAN?

Sa Islam, ang nag-iisa at tunay na Diyos (Allah) ang Siyang lumikha ng lahat-lahat. Bukod-tanging ang dakilang Diyos (Allah) lamang ang lumalang ng lahat ng mga tao at mga hayop, ang mundo at ang mga bundok nito, mga karagatan at mga ilog, mga pananim at mga kagubatan, ang araw at ang buwan, mga talang-kalawakan at mga ligiran nito, mga araw at mga gabi. Lahat ng mga iba pang bagay, na maaaring batid natin o di natin batid, maging ang hindi pa natin natutuklasan ay bahaging lahat ng Kanyang walang-hanggang paglikha.





*Mga halimbawa ng mga kahanga-hangang nilikha ng Diyos*





*Mga halimbawa ng mga kahanga-hangang nilikha ng Diyos*

Nilikha ng Allah ang lahat ng buhay sa kalupaan at ang buong sandaigdigan, kabilang ang panahon, lugar, lakas at bagay. Pinapangasiwaan din ng Allah ang sandaigdigan at ang lahat ng mga naroroon, at kontrolado kung ano ang mangyayari sa sandaigdigan at ang lahat ng mga naroroon.

Gayunpaman, maaaring ituring ng ilang tao na ang paglitaw nila sa ibabaw ng kalupaan ay "isang pagkakataon" lamang na sanhi ng "kalikasan." Hayaan nating bigyan ng kahulugan ang tinutukoy nilang "KALIKASAN" ayon sa agham. Ano ang "kalikasan?"

Sang-ayon ka ba sa akin na kabilang sa mga kalikasan ang: mga pananim at mga planeta, mga ligiran at talang-kalawakan, mga lambak at mga bundok, mga karagatan at mga ilog, kalupaan, araw, buwan, mga bituin at iba pang mga bagay. Ang mga bagay ba na ito ang siya mismong lumikha sa kani-kanilang mga sarili o lumikha sa mga tao?!



Ang Dakilang Qur'an ay buong kagandahang nagsasaad sa atin:

***"O sangkatauhan! Sambahin ninyo ang inyong Panginoon (Allah), na Siyang lumikha sa inyo at gayundin sa mga nauna sa inyo, nang sa gayon ay magkaroon kayo ng takot (sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag-uutos at pag iwas sa mga ipinagbabawal)." (2:21)***

***"Nilikha ng Allah ang mga kalangitan at ang kalupaan at ang anuman na nasa pagitan nitong dalawa bilang makatotohanan." (39:5)***

***"At siya (Allah) ang lumikha ng gabi at ng maghapon, at ng araw at ng buwan." (21:33)***

Bukod dito, silang mga naniniwala sa kalikasan ay nagsasabing hindi sila naniniwala sa Diyos sa kadahilanang Siya ay hindi nila nakikita, o nahahawakan, o makapagsagawa ng eksperimento hinggil sa Kanya!

Ilang taon na ang nakakaraan, binisita ako noon ng aking kapitbahay sa Oregon, USA, sa aking tahanan. Napag-usapan namin ang hinggil sa maraming bagay at kabilang sa aming tinalakay ay ang konsepto ng Diyos. Ang kapitbahay kong ito, napakatandang lalaki, ay tumatanggi na mayroong Diyos, madamdamin na kinatok niyang bigla ang lamesa, at nagwika: "Ako'y naniniwala sa lamesang ito sapagka't ito ay nahahawakan ko, at ito ay nararamdaman ko!"



Upang magpaliwanag sa kanya ay itinuro ko ang ilawan sa kuwartong yaon at tinanong ko siya: "Naniniwala ka ba sa lakas ng kuryente?" Ang sagot niya ay: "Oo, walang alinlangan."

Tinanong ko ulit siya: "Nakikita mo ba ang lakas na nagpapagana sa ilawan na iyan?" "Hindi," ang siyang sagot niya.

Karagdagang itinanong ko pa sa kanya ang mga ganitong katanungan:

- **Nakikita mo ba – sa pamamagitan ng iyong mga mata – ang hangin na ating nalalanghap?**
- **May mga pakiramdam ka ba? Ano ang mga kulay, mga hugis at mga laki nito?**
- **Ano ang pagtulog? Ano ang kulay o timbang nito?**
- **Samakatuwid, gaano karaming bagay ang pinaniniwalaan natin na hindi natin nakikita?**

Sa isa pang pangyayari, ay may nakilala akong lalake na ang pangalan ay Chris, at kasama niya ang kanyang asawa sa isang hotel sa Oslo, Norway. Habang kami ay magiliw na nagtatalakayan ay tinanong ko siya: “Samakatwid, ano ang layunin ng buhay?” Nagulat siya sa tanong ko at sinabi niya: “Ngayon ko lamang narinig ang ganyang tanong!” Idinagdag pa niya: “Palagay ko’y walang layunin ang aking buhay.” At tinapos niya sa pamamagitan ng pagsabi nang ganito: “Hindi ako naniniwala sa alinmang diyos.” Tinanong ko si Chris: “Bakit?” Siya ay sumagot: “Hindi ko pa kasi ito nakikita.”

Pinuna ko ang kanyang itinugon, at tinanong ko siya (nang may ngiti):

- **Mahal mo ba ang iyong asawa?**
- **Pisikal mo ba na nakikita ang pagmamahal na ito?**
- **Ano ang kulay ng iyong pag-ibig?**
- **Gaano kabigat ang timbang ng pagmamahal na ito?**

Ano ang naging reaksyon ni Chris at ng kanyang asawa? Kayo ang magsalarawan nito! Na kung kaya, kahit hindi natin pisikal na nakikita o nasusukat ang pag-ibig ay hindi ito hahantong sa punto ng pagtanggi na sa katotohanang mayroon ngang tinatawag na pag-ibig.

Sa parehas din na paghahambing, kung hindi natin nakikita ang Diyos dito sa mundo dahil sa kakulangan ng ating kakayahan na maarok ang Kanyang kadakilaan, ay hindi ito nangangahulugan para tanggihan natin ang pagkakaroon ng Diyos.

Malinaw at maliwanag na mayroong Diyos at kaya itong patunayan sa pamamagitan ng mga palatandaan at mga katibayan mula sa mga nilikha na tulad nang di-mabilang na mga atomo, mga selula, mga himaymay, mga kalamnan, at bawa't isa at bawa't bagay na nilikha.

*Libu-libong mga Propeta ng Diyos at bilyun-bilyong kanilang mga tagasunod sa buong kasaysayan ng sangkatauhan ang nagpatotoo na mayroong Diyos na Tagapaglikha. Makatwiran ba na ipagsawalang-bahala ang testimonya nang di-mabilang na rami ng mga taong ito dahil lamang sa "siyensiya," gayong sa katotohanan ang makasiyensiyang teoriya ay isinalalarawan lamang ang sandaigdigan at hindi itinatanong ang pagiging: Ano – o Sino – ang lumikha ng sandaigdigan at ang pagkakagawa nito sa angkop na paraan? Sa katunayan, ang makasiyensiyang katibayan na nagpapahiwatig na ang ating sandaigdigan na lumitaw lamang nang "pagkakataon" ay napakaliit at nakalilito ng isip, gayong ang tinatawag na "pagkakataon" ang siya lamang "paliwanag" na maaaring ikatwiran ng atheists hinggil sa pagkakaroon ng sandaigdigan at katangian nito – ayon sa kanila, "ito ay nangyari nang basta-basta na lamang." Sa paghahayag na ito, mangyari lamang na isaalang-alang kung anong idea ang tunay na makatwiran...ang paniniwalang ang lahat ay pinapangasiwaan ng tinatawag na "pagkakataon" lamang, o ang paniniwalang ang sandaigdigan ay naging ganito sa kadahilanang nilikha ito at kontrolado ng Diyos?*


*Ilang mga katanungan na dapat isaalang-alang*

*Ang sandaigdigan ba ay nilikiha ng pinakamaalam na Tagapaglikha, o basta-basta na lamang na lumitaw ito nang ganoon?*

*Kaya bang pasinungalingan ng "siyensiya" o "ang teoriya ng ebolusyon" na mayroong Diyos?*

Ito ang katotohanan sa Islam. Bukod-tanging Nag-iisa lamang ang Diyos, ang tagapaglikha at tagapagkaloob ng lahat ng mga pangangailangan ng mga nilalang sa sandaigdigan. Hindi tayo nararapat na magturing ng sinuman o anuman na mas higit kaysa sa Kanya o kapantay sa Kanya. Nilikha tayo ng nag-iisang tunay na Diyos (Allah) upang makilala at sambahin Siya nang bukod-tangi. Yaong sinamba Siya sa tamang kaparaanan at ganap na sinunod ang Kanyang mga kautusan batay sa kakayahan ng sinuman ay makakapasok sa Paraiso – ang walang-hanggang buhay.

Sa kabilang banda, yaong mga sumuway sa Diyos at sinunod ang kanilang makasalanang pagnanasa at kagustuhan ay dadalhin sa... Saan kaya sa palagay ninyo sila tutungo?





*Makakamit lamang ng sinuman ang tunay na kaligayahan at kapanatagan na kaisipan sa pamamagitan ng paniniwala at pagsuko sa nag-iisang tunay na Diyos (Allah).*

## SINO ANG TUNAY NA DIYOS?

Malinaw at napakagandang sinagot ng Islam ang maselan at napakahalagang tanong na ito. Ipinahayag sa amin ang maraming detalye hinggil sa nag-iisang tunay na Diyos at ang bukod-tanging mga katangian Niya. Ang Dakilang Qur'an ay nagsasaad:

***"Sabihin mo, Siya ang Allah ang nag-iisa, ang Allah ay tanging ganap, hindi nagkaanak at hindi ipinanganak, at walang maihahalintulad sa Kanya." (112:1-4)***




Ito ay isang kumpletong kabanata sa Dakilang Qur'an hinggil sa kadalisayan ng paniniwala. Isang napakagandang kabanata na malinaw, maikli subali't malaman at ipinapaliwanag nang ganap sa atin ang talagang katotohanan hinggil sa iisang Diyos (Allah) at ang Kanyang tunay na mga katangian. Malinaw nitong sinasagot ang maseselan at mahahalagang mga katanungan na gumugulo sa kaisipan ng milyun-milyong katao.

Ilan sa mga katangian na nagpapatotoo sa pagiging tunay Niyang Diyos (Allah) mula sa ibang mga nag-aangkin lamang ng pagka-diyos:

- **Ang Tunay na Diyos ay Tagapaglikha at hindi nilikha.**
- **Ang Tunay na Diyos ay Nag-iisa lamang at hindi marami! Wala Siyang katambal ni kapantay man.**
- **Ang Tunay na Diyos ay hindi nakikita, at walang sinuman ang maaaring makakita sa Kanya rito sa buhay sa daigdig. Hindi rin Siya sumanib kaninuman, at hindi rin Siya pisikal na nagkatawan ng ibang kaanyuan.**
- **Ang Tunay na Diyos ay walang hanggan. Hindi siya namamatay at hindi rin nagbabago.**
- **Ang Tunay na Diyos ay walang pangangailangan kaninuman na katulad ng isang ina, o asawa, o anak; o anumang bagay na tulad ng pagkain, inumin o tulong. Subali't ang lahat ay ganap na nangangailangan sa Kanya.**
- **Ang Tunay na Diyos ay bukod-tangi sa Kanyang mga katangian, walang sinuman ang maaaring maihalintulad sa Kanya. Walang anumang paglalarawang pantao o pangnilikha ang maaaring maiugnay sa Kanya.**





## NATUKLASAN MO NA BA ANG MGA LIHIM NA ITO?

Katotohanan, ang Islam ay umuunawa nang lubusan at tumutugon sa bawa't pangangailangan ng ating mga likas na katangian. Ito ay nangungusap at tumutugon sa ganap na pangangailangan ng ating mga kaluluwa, ng ating mga ispiritwal, at ng ating mga intelektwal at mga kaugalian. Ang Allah, na Siyang ganap na nakaaalam ng mga kaluluwa, mga pag-iisip, at mga puso ay nagpapahayag sa atin ng mga susi ng kapanatagan at kaluguran para sa mga ito.



## PAANO MAKAKAMIT ANG KAPAYAPAAN NG KAISIPAN, KAPANATAGAN AT KALUGURAN?

Mga Susi:

**1. Alamin ang iyong tunay na nag-iisang Diyos.**
**2. Maniwala sa Kanya lamang.**
**3. Sundin ang Kanyang kagustuhan.**
**4. Maniwala sa Kanyang mga Propeta (kabilang na rito si Propeta Muhammad).**
**5. Alalahanin ang Diyos.**
**6. Hingin ang kapatawaran ng Diyos.**
**7. Bukod-tangi na Siya lamang ang sambahin.**
**8. Naisin para sa iba ang anumang ninanais mo para sa iyong sarili.**
**9. Maging mapagbigay sa kapwa at sikapin na maging masaya sila.**
**10. Magkaroon ng katapatan at pagiging matuwid.**

Sa maikling salita, itong sampung lihim na mga susi ang pinakapangunahin upang makamit natin ang kapanatagan at kaluguran, gayundin ang pang-ispiritwal, panlipunan at pandaigdigang kapayapaan ay ilan lamang sa mga kah-anga-hanga at dakilang yaman ng Qur’an at ng mga katuruan ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan).



Bilang kabuuan, tinuturuan tayo ng Islam sa pamamagitan ng dalawa nitong mapananaligang batayan: ang dakilang Qur'an at ang mga katuruan ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na makakamit natin ang kapayapaan ng isip, kaligayahan at kaligtasan, sa pamamagitan ng pagkaalam at paniniwala sa iisa at tunay na Diyos (Allah), maluwag sa kalooban at taos-puso. Nararapat din na maniwala tayo sa lahat ng Kanyang mga tunay na isinugo (**kabilang na rito si Propeta Muhammad**) at sundin ang kanilang tunay na pamamatnubay at pangangaral.
Kaya, ang daan tungo sa masaya, kuntento at walang-hanggang buhay ay sa pamamagitan ng paniniwala at pagbigkas sa testimonyang ito:

*"Ako ay sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay sugo ng Allah."*

Gayunpaman, ang Islam ay nagsasabi sa atin na ang paniniwala sa nag-iisang Diyos at sa Kanyang mga Propeta ay hindi sapat upang makamtan ang kapanatagan ng isip, kaligayahan at kaligtasan!

Nararapat nating sundin ang kagustuhan ng Allah sa pamamagitan ng BUKOD-TANGING pagsamba lamang sa Kanya at pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

**Pagsuko** sa kagustuhan ng Diyos ang pinakabuod na mensahe ng Allah. Pagpapatotoo sa tunay na kahulugan nito at pagsuko sa Kanya, at ang gantimpala na inihanda para sa mga yaong naniwala at gumawa ng mga kabutihan. Binanggit ng Allah sa Qur'an:

***"Katotohanan, ang mga naniwala at gumawa ng mga kabutihan ay magkakaroon ng mga Hardin ng Paraiso bilang pananahanan." (18:107)***

Ito ay katulad din ng winika sa Bibliya, na si Santiago ay nagsabi:

**"Sapagkat kung paanong ang katawan na walang espiritu ay patay, gayundin naman ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay." (Santiago 2:26)**

Kapansin-pansin, na sa Santiago 4:7 naman ay binanggit ang kahulugan ng Islam na katatalakay pa lamang: **"Kaya't pasakop kayo sa Diyos..."**

Samakatuwid, ang mga Muslim ang tunay na tagasunod ni Hesus at ng mga iba pang Propeta. Ang ibig sabihin ng salitang Muslim ay taong sumusuko sa kagustuhan ng nag-iisang tunay na Diyos.

Ang mga Muslim ay naniniwala sa Allah (ang nag-iisang tunay na Diyos) at gumagawa ng mga mabubuti. Kanilang sinusunod ang mga kautusan na itinuro at isinapamuhay ni Hesus at ng iba pang mga Propeta, na tulad ng paniniwala sa bukod-tanging Kaisahan ng tunay na Diyos, pagdarasal, pagpapatirapa at paninikluhod sa pagsamba, pag-aayuno, pagbibigay ng kawanggawa, obligado man o kusa, pagsasabi ng: **"kung nanaisin ng Allah (Insha Allah),"** at paggamit sa pagbati ni Hesus at ng iba pang mga Propeta na: **"Sumainyo ang kapayapaan (As-salamu 'alaykum)."**

Ilan lamang ito sa mga halimbawa ng katibayan na malinaw na nagpapakilala sa pagiging totoo, kaisahan at pangkalahatan (pandaigdig) na dakila at napakagandang relihiyon na ito ng lahat ng mga Propeta: Islam

Bilang pagsasabi ng totoo, ang isang tao na Muslim o taong nais mag-Muslim (isuko ang sarili sa kagustuhan ng Diyos) ay kailangan niyang maniwala sa anim na haligi ng pananampalataya.

## ANG ANIM NA HALIGI NG PANANAMPALATAYA

**1. Paniniwala sa Allah (ang nag-iisang tunay na Diyos)**, sa Kanyang pagiging walang-hanggang buhay, na nananatili magpakailanman, ang Una na walang simula; sa Kanyang Bukod-Tanging Kaisahan (Tawheed), sa Kanyang pagiging Diyos na Tagapaglikha at Tagapangasiwa sa lahat, sa Kanyang natatanging mga pangalan at mga katangian, na Siya lamang ang bukod-tangi na may karapatan at karapat-dapat na sambahin.



*Ang Pangalan ng Allah sa wikang Arabic*

**2. Paniniwala sa mga anghel ng Allah,** na nilikha ng Allah upang purihin at sambahin Siya, sundin ang Kanyang mga kautusan at isagawa ang Kanyang mga ipinag-utos.

**3. Paniniwala sa mga rebelasyon ng Allah,** kabilang ang orihinal na ipinahayag kay Moises at kay Hesus (hindi ang mga naisulat ng mga kamay ng tao at mga kuwento na isinalaysay ayon sa mga iba't ibang may-akda na matatagpuan sa Bibliya). Ang maluwalhati na Qur'an ang pinakahuling kapahayagan, dalisay at mapapanaligang Salita ng Allah na ipinahayag kay Propeta Muhammad.

**4. Paniniwala sa mga Sugo at mga Propeta ng Allah,** kabilang sina Adam, Noah, Abraham, Moises, Juan Bautista, Hesus at Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan). Samakatuwid, ang isang Muslim ay hindi tunay na mananampalataya hangga't hindi siya naniniwala kay Moises at Hesus bilang mga Propeta na isinugo ng nag-iisang tunay na Diyos (Allah), ang Tagapaglikha.

**5. Paniniwala sa Huling Araw,** ang Araw ng Paghuhukom at Pagbabayad. Ang lahat ng tao ay hahatulan ng Allah ayon sa kanilang pananampalataya at mga gawa. Pagkatapos ng paghahatol, tatanggapin ang karapat-dapat na tanggapin sa masaya at walang-hanggang kaligayahan sa Paraiso at itatapon naman ang karapat-dapat na itapon sa Apoy ng Impiyerno.

**6. Paniniwala sa tadhana,** na itinakda ng Allah at ganap ang Kanyang kaalaman sa lahat ng bagay. Ito ay nagiging sanhi ng pagtitiwala ng mga mananampalataya sa Allah. Sila ay sang-ayon, kuntento at tiwala sa anumang itinakda ng Allah para sa kanila, mabuti man ito o masama. Hindi sila nawawalan ng pag-asa ni nagdadalamhati man sa mga pagsubok at kahirapan na dumarating sa kanila. Lagi nilang ibinabaling ang kanilang mga sarili sa Allah para sa paghingi ng tulong, suporta at gantimpala.

pag-asa ni nagdadalamhati man sa mga pagsubok at kahirapan na dumarating sa kanila. Lagi nilang ibinabaling ang kanilang mga sarili sa Allah para sa paghingi ng tulong, suporta at gantimpala.




*Ito ang anim na haligi ng pananampalataya na nakasulat sa kaligrapiyang Arabic*

Ang napakagandang pananampalatayang ito sa Allah at sa Kanyang mga itinakda ay nagiging sanhi para sa mga Muslim na maging panatag ang kanilang kaisipan at maging kuntento, sa kabila ng lahat ng pananalakay, pananakop at pagsasamantala sa kanilang mga lupain, langis at kayamanan; sa kabila ng lahat ng mga kawalang-katarungan, pagkiling, pang-aapi, paninira at maling paratang na kanilang nararanasan.

Ito ang pinakabuod ng mga haligi ng pananampalataya sa Islam na karapat-dapat na paniwalaan ng tunay na mananampalataya.

## ANG LIMANG HALIGI NG ISLAM

Bilang karagdagan sa anim na haligi ng pananampalataya, ang Islam ay nagtuturo sa atin na isagawa ang pananampalatayang ito. Nararapat na isagawa ng isang Muslim ang limang saligan na haligi na ito ng Islam pati na rin ang paggawa ng kabutihan bilang pangkalahatan. Narito ang simple at maikling pagpapaliwanag ng limang haligi ng Islam.




Photo by M. Al Najjar

## 1. Shahadah (ang pagsasaksi):

***"Ako'y sumasaksi na walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at ako'y sumasaksi na si Muhammad ay sugo ng Allah."***

Sa wikang Arabic ay ganito:

***"ASH-HA-DU AL-LA I-LA-HA IL-LAL-LAH, WA ASH-HA-DU AN-NA MU-HAM-MA-DAR RA-SU-LUL-LAH."***

أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَٰهَ إِلَّا ٱللَّٰهُ
وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا رَسُولُ ٱللَّٰهِ

Ito ang testimonya na dapat bigkasin ng sinumang yayakap sa Islam. Naglalarawan ito ng kagandahan at kapayakan ng Islam.

## 2. Salah (Pagdarasal):

Taimtim na pagsasagawa ng limang beses na obligadong salah (binubuo ito ng pagtayo, pagyuko, pagpapatirapa, pag-upo, pagbabasa sa ilang bahagi ng Qur'an, pagpupuri at pag-alaala sa Allah at paghingi sa Kanya ng kaganda-hang-loob, kapatawaran at ang Kanyang Paraiso).

Patungkol sa kagandahan at kapangyarihan ng mga dasal: pinalalago nito ang ating espirituwal na katauhan, nagdudulot ng pangkaisipan na kaginhawaan, at kapanatagan ng ating mga kaluluwa, mga isipan at mga puso.




Kabilang pa sa maidaragdag na kagandahan nito ay ang katotohanan na ang mga isinugo ng Allah tulad nina Adam, Noah, Abraham, Moises, Hesus at Muhammad ay nagsagawa ng pagdarasal at nagpatirapa sa Bukod-Tanging Diyos na Tagapaglikha, ang Allah. Na kung kaya, ang mga Muslim ay sumusunod sa mga yapak ng mga dakilang propeta at mga sugo ng Diyos.

Bukod sa mga ito, marami pang magagandang bagay ang tinataglay nito na tulad ng pagmamahal sa Diyos, pagsuko at pagpapasailalim sa Kanya, pagkakaisa, pagkakapantay-pantay, katapatan, pagtitimpi, pagpapakumbaba at kaamuan ay mga malinaw na ibubunga nito at matututunan mula sa salah (pagdarasal).


Walang pag-aalinlangan, ang taimtim at kababaang-loob na 'dhikr' (pag-alaala sa Allah), 'du`a' (panalangin o pagsusumamo), 'istighfar' (paghingi ng kapatawaran), 'salah' (pagdarasal) – sa Allah lamang na Bukod-Tangi – ay mga susi para sa kapanatagan ng isip, katiwasayan at mga pagpapala.

***"Yaong mga naniwala at yaong panatag ang kanilang kalooban sa pagpuri sa Allah. Katotohanan, sa pag-aalaala (pagpuri, pagluwalhati at pagdakila) sa Allah ay nakasusumpong ang mga puso ng kapanatagan." (13:28)***





***"At sinabi ng inyong Panginoon (Allah), "Manalangin kayo sa Akin at kayo ay Aking tutugunin (diringgin)." (40:60)***



Masjid Suleyman sa Istanbul, Turkey

### 3. Zakah:



Ang obligadong pagbibigay ng kawanggawa sa mga mahihirap at nangangailangan. Ang zakah o obligadong kawanggawa ay nililinis tayo mula sa karamutan at kasakiman. Nililinis nito ang ating mga yaman at salapi, at nagtuturo sa atin ng pag-aaruga, pagmamalasakit at itinatayo nito ang matibay na pagmamahalan sa isa't isa at paggalang sa pagitan ng mga mayayaman at mahihirap. Katunayan, pinagtitibay nito ang pagtataguyod sa isa't isa, pagtutulungan at pagdadamayan sa isang komunidad bilang pangkalahatan.

### 4. Sawm:

Ito ay pag-aayuno o pagpigil sa sarili mula sa pagkain, pag-inom, pakikipagtalik sa asawa batay sa itinakdang oras – mula sa pagbukang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw. Ilan sa mga napakagandang kapakinabangan at aral na nakukuha sa pag-aayuno ay ang mga sumusunod:





- Pang-ispiritwal na mga kapakinabangan Pinalalago nito ang 'taqwa' (takot sa Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa mga ipinag-uutos at pag-iwas sa mga ipinagbabawal) at katapatan. Ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan ang pinakamabuting pagkakataon para sa paghahangad ng biyaya ng Diyos at kapatawaran, kaligtasan mula sa Impiyernong-Apoy at pagkakamit ng buhay na walang-hanggan sa Paraiso.

- Mga kapakinabangang pandamdamin at Moral
Sa paaralan ng Ramadhan (pag-aayuno), matututunan at mararanasan natin ang gutom na nararanasan ng milyun-milyong katao sa iba't ibang bahagi ng mundo. Naghihikayat sa atin na magbahagi nang kung ano ang mayroon tayo, madama ang kanilang nararamdaman, magpakumbaba at maging mabuti.

- Pangkaalaman na mga kapakinabangan
Ang pag-aayuno ay nagtuturo sa atin ng maraming aral. Halimbawa, matututunan natin na baguhin o itigil ang mga di-magandang nakagawian, na tulad ng labis na pagkain ay posible.

Tinuturuan din tayo na disiplinahin ang ating pagkatao at maging matiisin at magkaroon ng sariling pagpipigil. Karagdagan pa rito ay pinapaalalahanan tayo na ang mga propeta ng Diyos na tulad ni Muhammad, Moises at Hesus ay nagsagawa rin ng pag-aayuno.

- Pangkalusugan na mga kapakinabangan

Sa pamamagitan ng palagiang pag-aayuno, iniaalis nito sa ating mga katawan ang mga lason o toxin at ang labis na mga taba. Ang mga manggagamot at mga nutrisyonista ay nagpapayo ng pag-aayuno at inilarawan nila ito bilang 'tagasunog ng taba' at 'kaparaanan ng paggagamot ng mga karamdaman.' Ang pag-aayuno ay mabuting lunas sa iba't ibang mga karamdaman. Ilan lamang ito sa mga kagandahan at kapakinabangan ng pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan.

## 5. Hajj:

Ang Hajj ay isang paglalakbay patungo sa sagradong lugar, sa Makkah, na dapat isagawa ng bawa't Muslim ng isang beses sa kanyang tanang buhay na siya ay may kakayahan sa pangangatawan, sa pag-iisip at pananalapi upang ito ay maisagawa.

Katulad ng iba pang mga haligi at katuruan ng Islam, ang ganda, aral at kapakinabangan na makukuha sa Hajj ay marami. Milyun-milyong mananampalataya (mula sa iba't ibang kulay, lahi, at mula sa iba't ibang bahagi ng mundo) ang tumutugon sa panawagan ni Abraham.

Kahanga-hangang mga panuntunan at konsepto ang makikita na ginagawa sa panahon ng Hajj, kabilang na rito ang pagsuko at pagsunod sa Allah, kapatiran at pagkakaisa sa Islam, pagtitimpi, pagsasakripisyo, pagdarasal, pagkakawanggawa at pag-aayuno. Ang Hajj ang nagpapatunay at itinatampok ang pinakamalaki at katangi-tanging pangrelihiyon na pagtitipon na walang kahalintulad sa kasaysayan ng sangkatauhan.

At dahil sa ganitong napakalaking pagtitipon ng iba't ibang lahi at kulay upang paglingkuran lamang nang bukod-tangi ang nag-iisang Diyos at sundin ang iisang mensahe, si Malcolm X at ang iba pa ay natutunan nila ang aral at kagandahan ng tunay na pananampalataya, pang-Isla-

tay-pantay, nang sila'y naglakbay patungo sa Makkah upang isagawa ang Hajj.

*"Sinanhi ng Hajj na aking isinagawa, na palawakin ang saklaw ng aking kaisipan. Biniyayaan ako nito ng isang bagong pang-unawa na napakaliwanag. Sa loob ng dalawang linggo sa Banal na Kalupaan, nakita ko ang hindi ko kailanman nakita sa loob ng tatlumpu't siyam na taon dito sa America. Nakita ko ang iba't ibang lahi at kulay – mula sa asul na mga mata, mga olandesa na mga kutis hanggang sa mga maiitim na Aprikano – sa kanilang tunay na pagkakapatiran! Nagkakaisa! Nabubuhay bilang isa! At sumasamba bilang isa!" (Salin ng kahulugan)*

***Malcolm X***




Photo by M. Al Najjar The Prophet's Masjid in Madina









## IKATLONG BAHAGI

# ANG KAGANDAHAN AT KADALISAYAN NG DAKILANG QUR'AN

Ang Dakilang Qur'an ang siyang saligang-batas na ipinahayag ng Diyos (Allah) para ilagay sa tamang kaayusan at pamahalaan ang buhay ng tao. Isinasaad nito ang ganap na kaalaman ng Tagapaglikha hinggil sa Kanyang nilikha. Inihahayag nito ang katotohanan at inaanyayahan ang sangkatauhan sa daan ng katotohanan. Naglalaman ito ng mahahalagang bagay hinggil sa tadhana na patutunguhan ng tao.

Tinuturuan nito at iniaangat ang tao sa pinakamataas na antas na ispiritwal, moral, intelektwal at panglipunan na kalagayan kapag napagsikapan nilang maunawaan at maisapamuhay ang turo nito.

Ang Qur'an ang siyang walang-hanggang himala na ipinahayag sa kahuli-hulihang Propeta na si Muhammad, bilang katibayan ng kanyang pagiging propeta. Ito ay nasa namumukod-tangi at di-matutularan na katangian. Ipinahayag ng mahigit labing-apat na siglo na ang nakararaan, ito ay nananatili pa ring buo at kumpleto at hindi nabago mula sa orihinal nitong kaanyuan na Arabic.



Photo by M. Al Najjar



Photo by M. Al Najjar

Sa paghahangad kong ibahagi sa inyo ang ilan sa mga magagandang talata mula sa walang-haggang Salita ng Diyos at Karunungan, ako'y labis na nahirapan kung alin ang aking ihahayag sa inyo at alin ang hindi, dahil sa limitadong puwang ng aklat na ito.

Na kung kaya, upang matuklasan pa ang karagdagang ganda at likas na yaman ng Salitang ito ng nag-iisang tunay na Diyos, personal na inaanyayahan kita na basahin ang Qur'an. Subukan mong kumuha ng tunay na kopya ng Kabanal-banalan na Qur'an, o di kaya ay maaari ka ring kumuha ng kopya sa ilan sa mga mapagkakatiwalaang website na Islamiko tulad ng www.sultan.org .



## MAGAGANDANG TALATA MULA SA QUR'AN

Lahat ng mga talata sa Qur'an ay salita ng Diyos. Halina't ating basahin ang ilan sa mga salin ng kahulugan ng mga kabigha-bighaning talata ng Dakilang Qur'an na nagpapahayag sa pananaw ng Islam sa ilang mga maselan at mahahalagang konsepto.

### Kapatawaran at Kaligtasan



***"Sabihin mo, O Muhammad, sa Aking mga aliping nagmalabis sa pang-aapi sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsagawa ng anumang ipinag-uutos ng kanilang mga sarili na kasalanan: "Huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Awa ng Allah; katotohanang, ang Allah ay pinapatawad Niya ang lahat ng kasalanan. Katotohanang, Siya ay 'Al-Ghafour' – ang Ganap na Mapagpatawad sa mga kasalanan ng mga nagsipagsisi mula sa Kanyang mga alipin, na 'Ar-Raheem' – ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal sa kanila." (39:53)***

Kapag ang isang tao'y nagsisi at nagbalik-loob sa Allah, tinatanggap Niya ang kanyang alipin na nanunumbalik sa Kanya at ito ay Kanyang pinapatawad.

Oo, pinapatawad ng Allah ang lahat ng kasalanan kapag tayo'y tapat na nanumbalik sa Kanya. Anong gandang panukala!

***"Katotohanang ang Allah ay nagmamahal sa mga nagbabalik-loob, at nagmamahal sa mga nagpapadalisay ng kanilang sarili" (2:222)***

Katiyakan, ang Allah, sa Islam ang pinagmumulan ng kapayapaan, habag at kapatawaran; at hindi pinagmumulan ng poot, pagdanak ng dugo o terorismo.

Na kung kaya, sa Islam, upang makamtan ang kaligtasan at ang buhay na walang-hanggan ay nararapat na magbalik-loob lamang sa Allah, maniwala sa Kanya at bukod-tangi na Siya lamang ang sambahin at gumawa ng mga kabutihan. Hindi na kinakailangan pang kumuha ng inosente at mabait na tao para ipako sa krus o di kaya'y patayin para sa kasalanan ng iba. Ipinag-uutos din ng Islam sa kanyang mga tagasunod (mga Muslim) ang pagpapatawad sa iba.

Ito ang maikling kapaliwanagan ng magandang konsepto ng kaligtasan at kapatawaran sa Islam. Katotohanan, ang Islam ay relihiyon ng habag at pagpapatawad.



## Katarungan

***"O kayong mga naniwala! Maging matatag kayo sa pagpapatupad ng katotohanan, sa pamamagitan ng pagtestigo nang makatarungan at huwag hayaang ang galit at poot ng mga tao ang siyang magiging sanhi para kayo ay hindi maging makatarungan. Kayo ay maging makatarungan; dahil ang pagiging makatarungan o patas sa paghahatol ay mas malapit sa pagkatakot sa Allah. At ingatan ninyo na kayo ay makagawa ng pang-aapi. katotohanan, ang Allah ang 'Khabeer' – Ganap ang Kanyang Kagalingan na Nababatid Niya ang lahat ng inyong mga ginagawa." (5:8)***

Tinuturuan tayo ng Islam na maging makatarungan sa lahat ng tao, sa mga kaibigan man o mga kaaway; at sa lahat ng pagkakataon, sa oras man ng kapayapaan o digmaan.



Nagtuturo rin ito sa kanyang mga tagasunod na maging makatarungan nang walang kinikilingan na sinuman at walang halong pansariling interes, at batay sa kagandahang-asal na malaya mula personal na hangarin, panlipunan at kultural na katayuan.

***“Katiyakan, inutusan kayo ng Allah na ibalik ang mga ipinagkatiwala sa inyo roon sa mga nagmamay-ari nito, at kayo ay humatol sa pagitan ng mga tao, nang pantay at makatarungang paghatol” (4:58)***

Bilang praktikal na paglalahad ng ganda nito, walang-hanggang pagpapahalaga, habag at katarungan, nag-uutos sa atin ang Islam na pangalagaan ang tinatawag ng mga pantas na Muslim na: Ang Limang Pangangailangan.

## Ang Limang Pangangailangan:

Ipinag-uutos ng Islam sa mga Muslim na ingatan ang sa kanila at sa iba:

1. Relihiyon.
2. Kaluluwa.
3. Kaisipan.
4. Karangalan (Dignidad).
5. Kayamanan (at anumang pagmamay-ari).

Napakagandang inihayag ng Kabanal-banalan na Qur’an na sinuman ang pumatay ng inosenteng tao ay ***“para siyang pumatay ng lahat ng sangkatauhan. At katiyakan ang sinumang nagligtas ng isang buhay ay para siyang nagligtas ng buong sangkatauhan.” (5:32)***

Bilang pagpapahalaga sa kalayaan at pangangalaga sa pananampalataya, ang Dakilang Qur'an ay nagsabi:
***"Walang sapilitan sa relihiyon..." (2:256)***

Sa ganito, pinapahalagahan ng Islam ang karapatan ng bawa't tao at hindi nito ipinapapilit sa sinuman na yakapin ang pananampalataya nang puwersahan. Ito ang katotohanan, kagandahan, katarungan, kabutihan at pagpaparaya ng Islam kung patungkol sa pakikitungo sa mga hindi Muslim.

Kaya naman, nararapat na tayo ay maging matapat, mabuti ang adhikain at maging makatarungan kapag maghuhusga ng iba. At ating pakatatandaan ang sinabi ng Allah sa Kanyang Dakilang Qur'an: ***"…huwag hayaang ang galit at poot ng mga tao ang siyang magiging sanhi para kayo ay hindi maging makatarungan. Kayo ay, maging makatarungan, dahil ang pagiging makatarungan o patas sa paghahatol ay mas malapit sa pagkatakot sa Allah…" (5:8)***




Gayunpaman, hinggil doon sa mga hindi patas na pulitiko at mga pinuno ng mga lipunang pangrelihiyon, mga manunulat, mga mananaysay ng kasaysayan at mga media, na nagbibintang nang di-makatarungan hinggil sa Islam at sa mga Muslim ng terorismo at inaangkin nila bilang pagsisinungaling na ang Islam ay lumaganap sa pamamagitan nang puwersahan at espada, at yaong mga may sakit ang kaisipan at marumi ang kanilang mga budhi na kinutya ang Allah, ang nag-iisang tunay na Diyos at isinalarawan ang Kanyang huling Propeta na si Muhammad sa napakasama at napakasagwang pagguhit at ginawang cartoons na katatawanan, ako'y nagtataka:

- Ito ba ang ibig ipakahulugan ng kalayaan, malayang pamamahayag at malayang pangangatwiran? Wala bang dobleng pamantayan na ginagamit sa pakikitungo sa Islam at mga Muslim? (Halimbawa, bakit hindi kailanman narinig ang katagang ‘Christian terrorists’ o ‘Jewish terrorists,’ gayong walang anumang kakulangan kung patungkol sa kasamaan na ginawa ng ilan sa mga tagasunod ng mga relihiyong ito?

- Malaya ba ang bawa’t isa na mang-insulto, manumpa ng iba at hamakin ang kanilang pananampalataya, o di kaya’y akusahan silang lahat ng terorismo?


- Ganito ba itinuro ang kahulugan ng sibilisasyon, demokrasya at kalayaan sa mga kabataan sa mga paaralan, unibersidad at sa lipunan bilang pangkalahatan?




- Talaga bang ang espada ng Islam ang dahilan kung bakit yumakap ng pananampalatayang Islam ang libu-libong matatalino’t matatapat, may paninindigan at bukas ang pang-unawa na mga kalalakihan at kababaihan sa iba't ibang sulok ng daigdig, sa ngayon? (Maraming aklat, artikulo at website ang tumatalakay kung bakit at paanong sila’y yumakap sa Islam. Isang halimbawa na aking iminumungkahi ay: ‘Islam Our Choice: Portraits of Modern American Muslim Women’ – isinaayos nina Debra L. Links at Stephanie Parlove.  Mayroon nito sa internet).

Bukod dito, ayon sa nakaraang ulat ng mga taga-Amerika at mga taga-Kanluran, ang Islam ang pinakamabilis na lumagong relihiyon sa daigdig.

# Samakatuwid, Bakit Islam?



*Pagtuklas sa kagandahan ng Islam at ang dakila nitong sibilisasyon*

## Pagkakapantay-pantay

***"O sangkatauhan! Katiyakang nilikha Namin kayo mula sa isang lalaki, at sa isang babae, at ginawa Namin kayo dahil sa pagpaparami ng lahi na mga sambayanan at iba't ibang tribo, upang makilala ninyo ang isa't isa, at dapat ninyong mabatid na ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay ang sinuman sa inyo ang pinakamatakutin. Katotohanan, ang Allah ang '`Aleem' – Ganap na Nakaaalam sa mga matatakutin sa Kanya, na 'Khabeer' – Ganap ang Kanyang kagalingan." (49:13)***



Bilang pagpapatibay sa kahanga-hangang konseptong ito na pagkakapantay-pantay sa Islam, sinabi ni Propeta Muhammad sa kanyang huling 'Khutbah' (sermon):

***"O mga tao, ang inyong Diyos ay iisa at ang inyong ama ay iisa. Kayong lahat ay mula kay Adan at si Adan ay mula sa alabok. Ang isang Arabo ay hindi nakahihigit sa isang di-Arabo, at ang isang di-Arabo ay hindi nakahihigit sa isang Arabo. Ang isang puti ay hindi nakahihigit sa isang itim ni ang itim ay hindi nakahihigit sa isang puti. Lahat kayo ay pantay-pantay. Walang sinuman ang nakahihigit sa iba kundi sa pamamagitan lamang ng kanyang pagkatakot sa Allah at mabuting gawa."***

***Ang Islam ay nagtuturo sa atin na huwag kapootan o maliitin ang iba dahil sa kanilang lahi, kulay ng balat o mata, o pagkamamamayan.***


***Ang Islam ay isang praktikal na solusyon para sa kalutasan ng panlahi na paglalaban-laban at pag-tatangi-tangi na kinahaharap sa ngayon ng daigdig.***

Sa Islam, ang mga itim at ang mga puti ay magkakapatid sa iisang lahi ng tao. Silang lahat ay nagmula sa iisang ama, si Adan, na nilikha mula sa alabok. Samakatuwid, tayong lahat ay mula sa lupa, at tayo ay babalik sa lupa at magiging alabok na muli (at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay bubuuin tayong muli, pagkatapos ay wala nang kamatayan).



*Twin Sisters*

Ito ang mahalagang aral na makukuha natin mula sa nabanggit sa kabilang pahina na mula sa Qur'an at sa huling 'Khutbah' ng Propeta. At ito rin ang aral na natutunan ni Malcolm X nang pumunta siya sa Makkah upang magsagawa ng Hajj. Na kung kaya, bakit may ilang tao ang nakadarama o kumikilos nang may pagmamataas o kapalaluan sa iba.



## Pagkasandaigdigan at Kaisahan ng Mensahe

***"Sabihin ninyo: "Naniwala kami sa Diyos (Allah), at sa anumang ipinahayag sa amin, at sa anumang ipinahayag kay Abraham, Ishmael at Isaac, at gayundin kay Jacob at sa mga tribu. At sa anumang ipinagkaloob kay Moises at sa ipinagkaloob kay Hesus at sa lahat ng ipinagkaloob sa mga Propeta bilang Rebelasyon mula sa kanilang Panginoon. Wala kaming ginawang pagtatangi hinggil sa paniniwala sa sinuman sa kanila at kami ay mga Muslim taimtim at ganap na sumusuko sa Diyos bilang pagsunod at pagsamba." (2:136)***

Minamahal at pinaniniwalaan ng mga Muslim ang lahat ng mga Propeta ng Diyos kasama sina Adan, Noah, Abraham, Ishmael, Isaac, Jacob, Moises, Hesus at Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah).

Sinabi ni Propeta Muhammad batay sa salin ng kahulugan:
***"Ako ang pinakamalapit sa lahat ng tao kay Hesus, ang anak ni Maria. Sapagka't walang sinumang propeta sa pagitan ko at niya (Hesus). Ang mga Propeta ay magkakapatid; ang kanilang mga ina ay magkakaiba, subali't ang kanilang relihiyon ay iisa."***

# Ano itong pandaigdigan at nag-iisang tunay na relihiyon ng lahat ng mga Propeta ng Diyos?









## ILAN PANG MGA MAGAGANDANG TALATA NA DAPAT UNAWAIN AT SURIING MABUTI

Ang ganda, tamis at kadalisayan ng Kabanal-banalan na Qur'an ay walang-hanggan; kaya't hayaan ninyo akong bumanggit ng ilan sa mga talata ng Qur'an ng walang anumang pagpapaliwanag. Nais kong ito'y inyong unawain at suriin. Subukan ninyong tumuklas pa ng mga yaman ng Pinakahuling Testamento, ang Qur'an (batay sa salin ng mga kahulugan).

### Ang Allah at ang Kanyang Sugo

***"Siya (Allah) ang nagpadala ng Kanyang Sugo na si (Muhammad) nang may patnubay at relihiyon ng katotohanan…" (48:28)***

***"Si Muhammad ay hindi ama ng kahit na sinuman sa inyo na mga kalalakihan, kundi siya ay Sugo ng Allah at ang pinakaselyado o pinakahuli sa lahat ng mga Propeta. At ang Allah ang may ganap na Nakakaalam sa lahat ng bagay." (33:40)***



## Kapanatagan at (Hardin) Paraiso

***"Siya (Allah) ang nagpababa ng kapanatagan sa mga puso ng mga naniniwala, upang maragdagan ang paniniwala nila kaalinsabay ang paniniwala nila (sa ngayon)... Upang papasukin ng Allah ang mga mananampalatayang kalalakihan at kababaihan sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno at mga palasyo nito at sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, at buburahin sa kanila ang kanilang mga nagawang kasalanan na hindi na sila paparusahan pa, at ang ganitong gantimpala mula sa Allah ay kaligtasan mula sa anumang suliranin, at pagkakamit ng dakilang tagumpay." (48:4-5)***



***"O ikaw na mapayapang kaluluwa, Ikaw ay bumalik sa inyong Panginoon na nalulugod at kinalulugdan. Pumasok ka sa lipon ng aking mga alipin. At pumasok ka sa Aking Hardin(Paraiso)'" (89:27-30)***

## Ang mga Kalalakihan at mga Kababaihan (sa Islam)

***"Katotohanan, ang mga kalalakihan at mga kababaihan na 'Muslim' (nagpapasailalim sa kagustuhan ng Allah), at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na mananampalataya, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na masunurin sa Allah at sa Kanyang Sugo, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na mga matatapat sa kanilang mga salita, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na matiisin sa pamamagitan ng paglayo sa kanilang mga sariling pagnanasa at pagsunod sa kanilang mga sariling kagustuhan, at matiisin sa anumang kahirapan na kanilang nararanasan; at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na may takot sa Allah, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na nagbibigay ng kawanggawa, at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na nagsasagawa ng pag-aayuno, obligado man o hindi; at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na inaalagaan nila ang kanilang mga pribadong bahagi na hindi makagawa ng kahalayan at pakikiapid at ang mga kalalakihan at mga kababaihan na mga pumupuri nang labis sa Allah sa pamamagitan ng kanilang mga puso at mga dila – ang Allah ay naghanda para sa kanila ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan at dakilang gantimpala na ito ay 'Al-Jannah' (Hardin isinaling Paraiso)." (33:35)***

***"At sinuman ang gagawa ng mga mabubuting gawa, lalaki man o babae, na siya ay naniniwala sa Allah, sila ay papasok sa Paraiso…" (4:124)***



## Mga Maningning na Katuruan

***"At magsipag-unahan kayo tungo sa kapatawaran mula sa inyong Panginoon (Allah). At ang Paraiso ay ang lawak nito ay kasinglawak ng mga kalangitan at kalupaan na inihanda para sa mga may takot (sa Allah). Yaong ginugugol nila ang kanilang kayamanan sa panahon ng kasaganaan at kagipitan, at yaong napipigilan nila ang kanilang mga sarili kapag sila ay nagagalit sa pamamagitan ng pagtitimpi, at kapag nagapi nila ang nagkasala ay pinapatawad nila – ganito ang tunay na pagiging mabuti, na naiibigan ng Allah ang nagtatangan ng mga ganitong pag-uugali. At ang mga yaong mananampalataya, kapag sila ay nakagawa ng malaking kasalanan o nadaya nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsagawa ng maliit na kasalanan, ay naaalaala nila ang Allah; at hinihiling nila ang kapatawaran para sa kanilang pagkakasala, at sila ay nakatitiyak na walang maaaring magpatawad ng mga kasalanan kundi ang Allah lamang. Na kung kaya, hindi sila nananatili sa kanilang pagkakasala at batid nila na kapag sila ay nagsisi ay patatawarin sila ng Allah. Sila na nagtataglay ng mga ganitong dakilang katangian, ang gantimpala nila ay kapatawaran mula sakanilang panginoon, at para sa kanila ay mga Hardin na may umaagos na mga ilog sa ilalim ng mga puno at palasyo nito, mananatili sila roon magpasawalang-hanggan, napakainam na gantimpala sa mga gumagawa ng kabutihan'" (3:133-136)***



## Mga Dapat at Di-dapat Gawin

***"At huwag kayong sasamba ng iba bukod sa Allah, at maging masunurin at maging mabuti kayo sa inyong mga magulang at sa mga kamag-anak, at sa mga ulilang namatayan ng magulang bago nila sinapit ang hustong gulang, at sa mga mahihirap. At kapag kayo ay nagsalita sa mga tao ay pawang mabubuting salita lamang ang inyong sasabihin." (2:83)***

## Pag-aalaala at Kapanatagan

***"Yaong mga naniwala at panatag ang kanilang mga kalooban sa pagpuri sa Allah. Katotohanan, sa pag-aalaala (pagpuri, pagluwalhati at pagdakila) sa Allah, makatatagpo ang mga puso ng kapanatagan." (13:28)***



*"Katotohanan, sa pag-aalaala sa Allah, makatatagpo ang mga puso ng kapanatagan." Nakasulat sa napakagandang kaligrapiyang Arabic*

Bilang pagtatapos ng pitak na ito, maniwala kayo sa akin, ang mga katotohanan, mga kagandahan at mga kamangha-mangha sa Kabanal-banalan na Qur'an ay walang katapusan. Habang lalo natin itong binabasa ay mas dumarami ang ating natutuklasan at mas lalo nating nararamdaman na parang nabasa pa lamang natin ito sa unang pagkakataon.

Bukod pa sa mga ito, marami pang mga kaiga-igayang bahagi na maiibigan na tulad ng pagiging totoo at kapani-paniwala nito, kahanga-hanga at dalubhasang pagkakasaayos nang ganap ng mga salita, pang-agham na mga usapin, panlunas sa mga sakit na pisikal at ispirituwal, at mga himala na kalikasan ng Qur'an, ang hindi ko isinama dahil sa limitasyon ng aklat na ito.



## IKAAPAT NA BAHAGI

# Isang Karagdagan
# Isang Magandang Ambag

### "ANG RELIHIYON NI ADAN AT NI EBA"

Ni: Linda Barto*, (Estados Unidos)

Isa sa mga natatanging kagandahan ng Islam ay ang pagkatuklas na hindi nilikha ng Diyos ang sangkatauhan bilang mga kaluluwa lamang, at pagkatapos ay ipababahala na lamang sa ating mga sarili na alamin ang halaga at layunin ng ating ispirituwal na katauhan. Bagkus pinagkalooban Niya tayo ng kaisipan na nagtatanong, nangangatwiran at nagmumuni-muni para sa pagsasaliksik ng katotohanan. Naglaan Siya sa bawa't tao ng sisidlan ng patnubay na kailanman ay walang pagkaubos hangga't siya ay patuloy na umiinom mula rito. Sa pamamagitan ng kaganapan ng Diyos, ang Kanyang liwanag ay nagdudulot ng bahaghari ng awa, pagpapala at katarungan; at kinukulayan ang ating mga kaluluwa ng ganap na pananampalataya na nilikha ng Diyos para sa atin.

Nilikha ng Diyos ang daigdig at ang lahat ng naroroon para sa kapakanan ng sangkatauhan, samakatwid makatwiran kung gayon at makabuluhan na aminin ng sinuman na kabilang sa Kanyang paglikha ay ang isang tunay at ganap na relihiyon. Ano ang relihiyon na ipinag-utos para kay Adan at Eba?

Ayon sa Qur'an, ang relihiyong pinili para sa atin ay ang ganap na pagsuko sa Diyos, na sa wikang Arabic ay tinatawag itong Islam. Inilalarawan ito ng Qur'an bilang relihiyon ni Abraham, na tinawag na malapit na kaibigan ng Diyos, simple na isinuko lamang niya ang kanyang sarili sa Diyos.

Sa pananaw ng Islam, ang bawa't tao ay ipinapanganak na may kaluluwa na may kusang pagsuko sa Diyos, subali't siya ay may kalayaan na pumili na sumunod o lumihis sa tamang pamamaraan ng pamumuhay na nakabatay sa pagkakalikha sa kanya.

At sa ilang bahagi ng buhay, ang bawa't tao ay kinakailangan na magpasiya sa sarili na kung nais ba niya na manatili sa landas ng pagsuko sa Diyos o isuong ang sarili at magpasasa sa tiwali, kasakiman at maling kaparaanan ng pamumuhay, materiyalismo at di-makadiyos na pagbibigay luho sa sarili. Mangyari pa, maraming tao ang naligaw mula sa katotohanan at tamang landas dahil sa ang kanilang mga magulang ay walang pananampalataya o di kaya'y sa mga pangyayaring may pag-aabuso o trahedya na nangyari sa kanilang buhay na walang tama at ispirituwal na pangangalaga. Sa pananaw ng Islam, ang Diyos ang Siyang hahatol batay sa pagkakaunawa ng bawa't isa at sa kanilang mga likas na kinahiligan; makatitiyak tayo na ganap na makatarungan ang Kanyang magiging pasiya sa Araw ng Paghuhukom.

Kapag isinuko ng tao ang kanyang buong sarili sa Diyos, bawa't aspeto ng kanyang pagiging tao – isip, katawan at kaluluwa - ay nararapat na maging matapat at iniuukol lamang sa Diyos. Ang pagpapanatili sa likas na kalinisan ng kaluluwa sa pamamagitan ng pagdarasal at pagsamba ay sadyang napakahalaga, subali't mahalaga rin na bukas sa mga kapaki-pakinabang na karunungan ang kaisipan at ilagay ang katauhan sa malinis at malusog na pamumuhay. Iniaalok ng Islam ang pagkakataon na alamin ang iyong ganap na pagkatao ayon sa pagkakalikha sa iyo.

Sa pamamagitan ng pagiging Muslim, ikaw ay magiging totoo sa iyong sarili habang iniiwan mo ang lahat ng mga mabibigat na pasanin at maglakbay sa tamang daan, na siyang pinagtalagahan ng iyong mga paa noong ikaw ay ipinanganak dito sa mundo.

Ang pagiging matindi na mga katotohanan ng Islam ay pinagtitibay at nililinaw ang pagiging tunay na kaanyuan ng lahat ng mga relihiyon habang tinutulungan na maaninaw ito ng mga mananampalataya at pagkatapos ay iwaksi ang kamalian. Ang pagyakap sa Islam ay pandaigdigan. (Batay sa salin ng kahulugan)

* Si Linda Barto ay isang Amerikanang manunulat, makata at makasining.



Photo by M. Al Najjar



## IKALIMANG BAHAGI

# ANG KATOTOHANAN HINGGIL SA HULING PROPETA

Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah), na anak ni Abdullah, ay ipinanganak sa Makkah bandang taong 570 C.E. Siya ay nakilala sa kanila bilang **Al-Amin (ang mapagkakatiwalaan).**

Nang umabot si Muhammad sa edad na apatnapu, si Anghel Gabriel ay dumating sa kanya nang may kapahayagan. Una, siya ay inutusan na anyayahan sa Islam ang kanyang mga malalapit na kamag-anak, kabilang ang kanyang asawang si Khadijah, at pagkatapos ay iniutos sa kanya na simulan niyang iparating ang mensahe sa buong sangkatauhan. Sa mga sumunod na taon ng kanyang buhay, ay naiparating niya ang mensahe ng Allah sa iba, nagbigay siya ng napakagaling na halimbawa at naging ganap na ehemplo para sa sangkatauhan. Sa taong 632, iniwan niya ang mundong ito sa edad na animnapu't tatlo.



*(Ang Masjid ng Propeta sa lunsod ng Madinah)*



Si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah) ay tinawag na "Selyo ng mga Propeta." Siya ang kahuli-hulihang propeta at isinugo upang patotohanan ang pagiging totoo ng lahat ng mga ipinahayag na rebelasyon na nauna kaysa sa kanya, kabilang na rito ang orihinal na 'Ebanghelyo ni Hesus.'

Ang kabanal-banalang Qur'an ay nagpapatunay na: ***"Si Muhammad ay Sugo ng Allah, at selyo (panghuli) ng lahat ng mga Propeta." (33:40)***

Pinagtitibay ang ugnayan sa pagitan niya at ni Hesus, binanggit ni Propeta Muhammad: ***"Kung ang tao'y maniwala kay Hesus at pagkatapos ay maniwala sa akin (Muhammad), ay makakakuha siya ng dobleng gantimpala."***

Sinabi rin ni Propeta Muhammad: ***"Ako ang pinakamalapit sa lahat ng tao kay Hesus, ang anak ni Maria; sapagka't walang propeta sa pagitan ko at niya (Hesus)."***

Ang mga pang-Propetang katuruang ito ay ipinapakita at nagpapaliwanag kung paanong pinarangalan ni Propeta Muhammad si Hesus (sumakanila nawa ang kapayapaan at pagpapala ng Allah). Ito ay isang propesiya na nabanggit ni Hesus sa Bibliya. Ipapahayag ko ito sa inyo sa mga susunod na pahina.

## ANG KATANGI-TANGING PAG-UUGALI NI PROPETA MUHAMMAD

Si Muhammad, mula sa kanyang pagkabata hanggang sa pagbibinata hanggang sa pagiging propeta hanggang sa kanyang kamatayan, ayon sa mga makatarungan at matatapat na tao, sa buong kasaysayan, bilang katangi-tangi at dakilang katauhan sa kanyang napakataas na antas ng pag-uugali at mga moral. Siya ay mahabagin, tapat, dalisay ang kalooban, mabait, mapagkumbaba at iba pa. Ang bawa't detalye ng kanyang pribadong buhay at ang kanyang mga ipinahayag sa publiko ay naitala nang wasto at tumpak, at maingat na napanatili hanggang sa ngayon.

Siya ay isang propeta, isang sugo, isang tagapagturo ng pangrelihiyon, isang tagapagbago ng panlipunan na pamumuhay, isang tagapaggabay ng moral, isang pinuno, isang estadista (mahusay na tagapamahala), isang tapat na kaibigan, isang mabuting kasama, isang responsableng asawa at isang mapagmahal na ama.

Dahil dito, binansagan siya ni Ramakrishna Rao, isang Indiyanong Professor ng Pilosopiya, sa kanyang aklat na **"Muhammad: The Prophet of Islam"** bilang "ang ganap na modelo para sa buhay ng sangkatauhan."

*Nilinaw din ni Professor Rao na: "Ang katauhan ni Muhammad, ang lahat ng pagiging buong katotohanan hinggil sa kanya ang pinakamahirap na isa-isahin. Bagkus ay isang sulyap (o katiting) lamang nito ang nakayanang kong makuha. Anong napakagandang pagkakasunod-sunod na pagsasalarawan ng mga tagpo! Nariyan si Muhammad, isang Propeta. Nariyan si Muhammad, ang Mandirigma; si Muhammad, ang Negosyante; si Muhammad, ang Pinuno; si Muhammad, ang Estadista; si Muhammad, ang Mananalumpati; si Muhammad, ang Tagapagreporma; si Muhammad, ang Kanlungan ng mga ulila; si Muhammad, ang Tagapagtanggol ng mga Alipin; si Muhammad, ang Tagapagpalaya ng*

*mga kababaihan; si Muhammad, ang Hukom; si Muhammad, ang Banal. Sa lahat ng mga kahanga-hangang tungkulin na ito, sa lahat ng sangay ng mga gawain at lahat ng larangan ng pamumuhay ng tao, siya ay katulad na isang bayani."*

Sa loob ng maikling panahon sa kasaysayan, na umabot lamang ng dalawampu't tatlong taon ng kanyang pagka-Propeta, nabago niya nang ganap ang tangway (peninsula) ng Arabya …

- Mula sa paganismo at pagsamba ng mga diyus-diyusan tungo sa pagsuko sa Iisang Diyos…
- Mula sa mga pag-aaway-away na mga tribo at digmaan tungo sa pagkakaisa at pagkaka-ugnay-ugnay…
- Mula sa paglalasing at kahalayan tungo sa pagpipigil at pagiging matuwid…
- Mula sa pagiging walang-kinikilingan na batas at masalimuot na lipunan tungo sa disiplinadong pamumuhay…
- Mula sa ganap na pagkalugmok na moralidad tungo sa pinakamataas na antas nito.

Kailanman ay walang naging kahalintulad sa nauna na kasaysayan ng sangkatauhan, ang ganitong ganap na pagbabago ng isang lipunan o isang lugar, o maging buhat noon, at iyong ilarawan sa iyong kaisipan… ang di-kapani-paniwalang mga kamangha-manghang pangyayaring ito sa loob lamang ng dalawang dekada.





# SI PROPETA MUHAMMAD AYON SA MGA KASULATAN NG MUNDO


Yayamang hindi pinakapaksa ng aklat na ito ang ilahad ang lahat ng mga propesiya sa ibang mga pangrelihiyon na kasulatan hinggil sa pagdating ni Propeta Muhammad, aking babanggitin ang itinala ng mga pantas sa Islam tulad ng sa Parsi, Hindu, Buddhismo, Judaismo at Kristiyanismo na mga kasulatan.

Katotohanan, ang pagkakapahayag hinggil kay Muhammad sa ibang mga kasulatan ay labis na nakatawag ng pansin sa karamihan at naging kaakit-akit na paksa na talaga namang pinag-usapan sa iba't ibang mga aklat at mga artikulo, at gayundin sa internet. (Upang makakuha ng karagdagang impormasyon sa paksang ito, maaari ninyong bisitahin

ang website ni Dr. Zakir Naik na www.irf.net o di kaya'y hanapin sa internet at isulat itong mga kataga: "Prophet Muhammad," "Muhammad in the Hindu scriptures," "Muhammad in the Bible" at iba pa).

Kabilang sa mga aklat na ito, halimbawa, ay ang isinulat ni A. H. Vidyarthi at U. Ali ang aklat na pinamagatang **'Muhammad in Parsi, Hindu and Buddhist Scriptures.'**

Sa kahanga-hangang aklat ni Prof. Abdul Ahad Dawud (dating Christian Reverend David Benjamin) na **'Muhammad in the Bible,'** nagbigay siya ng komentaryo hinggil sa binanggit:




sa Bibliya na pagdating ng propeta na "gaya mo, Moises" sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na: Mababasa natin ang mga sumusunod na salita sa aklat ng Deutronomio 18:18 na nagsasabing: "Aking palilitawin sa kanila ang isang propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo; at aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya." Kung hindi si Muhammad ang tinutukoy dito, ang mga salitang ito kung gayon ay hindi pa naisasakatuparan. Kailanman ay hindi inangkin ni Hesus mismo sa kanyang sarili na siya ang propeta na tinutukoy dito… si Hesus, ayon sa paniniwala ng kanyang Simbahan, ay lalabas bilang tagahatol at hindi bilang tagapaghatid ng batas; subali't ang isa na pinangakuan ay darating na may 'maapoy na batas' (fiery law) sa 'kanyang kanang kamay.'" Deut. 33:2

Ipinahayag ng mga pantas na Muslim na ang propesiyang ito ay walang ibang pinagbabagayan kundi si Muhammad. Si Moises at si Muhammad ay maraming pagkakahawig sa maraming bagay – parehas ang letrang simula ng kanilang mga pangalan. Sila rin ay magkatulad sa natural na pagkapanganak sa kanila, pagpapakasal, misyon at natural na pagkamatay. Pareho silang dalawa na mga propeta, pinuno at estadista. Bawa't isa rin ay nagdala ng "maapoy na batas." Sa kabilang banda, si Hesus ay hindi katulad ni Moises sa maraming bagay. Ang kanyang pagsilang, misyon at kamatayan ay hindi tulad ng kay Moises. Si Hesus ay hindi nakapag-asawa, at hindi rin namuno sa kanyang bayan, o nakipaglaban sa mga digmaan na tulad ni Moises.

Karapat-dapat ding banggitin na ang **"isang propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid"** ay tumutukoy sa isang propeta na mula sa mga kapatid ng mga Israelitas (na ang ibig sabihin ay ang mga Ismaelitas).

Sa Bagong Tipan ng Bibliya, hinula rin ni Hesus ang pagdating ng isang Tagapayo o Mangaaliw. Sinabi ni Hesus: **"…at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man." (Juan 14:16)**

Bilang karagdagan, sinabi pa rin ni Hesus:
"Gayunma'y, sinasabi ko sa inyo ang katotohanan: Makakabuti sa inyo na ako'y umalis, sapagkat kung hindi ako aalis, ang Mangaaliw ay hindi darating sa inyo. Ngunit kung ako ay aalis, siya'y susuguin ko sa inyo. Pagdating niya, kanyang susumbatan ang sanlibutan tungkol sa kasalanan, sa katuwiran at sa kahatulan… Mayroon pa akong maraming bagay na sasabihin sa inyo ngunit hindi ninyo kayang dalhin sa ngayon.

*Ngunit kapag dumating na ang Espiritu ng Katotohanan, papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan. Sapagkat hindi siya magsasalita nang mula sa kanyang sarili. Kundi ang anumang bagay na kanyang marinig, iyon ang kanyang sasabihin at kanyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na darating. Luluwalhatiin niya ako…" (Juan 16:7-14)*

## Kung gayon, sino itong "ibang Mangaaliw" na darating pagkatapos ni Hesus?

Katotohanan, sinabi ng mga pantas na Muslim na tanging si Muhammad lamang ang ganap na nagsakatuparan ng hula na ito ni Hesus sa maraming kadahilanan. Ang pagbanggit sa ilan sa mga ito:

- Ang tinutukoy ni Hesus na "ibang Mangaaliw," (Juan 14:16) ay hindi maaaring ipatungkol sa Banal na Espiritu yayamang ang Banal na Espiritu (bahagi ng Tatlong Persona – Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo, ayon sa mga Kristiyano na naniwala rito) ay naroroon na ito bago pa man at sa panahon din mismo ng misyon ni Hesus, ayon sa Bibliya, samantalang ang Mangaaliw na tinutukoy ay darating pa lang pagkatapos niya.

- Bukod doon, si Muhammad ay dumating upang balaan ang mga tao hinggil sa kasalanan at inutusan silang magpakatuwid. Siya ay isang pinuno at isang hukom na may **‘batas’** sa **‘kanyang kanang kamay.**’

- Ginabayan ni Muhammad ang mga tao sa ganap na katotohanan hinggil sa nag-iisang tunay na Diyos, katotohanan hinggil sa layunin ng buhay, katotohanan hinggil sa Kabilang-Buhay at Buhay na Walang-Hanggan at sa marami pang bagay.

- Ipinakita niya sa atin ang mga bagay na darating sa pamamagitan ng maraming mga propesiya at mga himala na ipinahayag sa kanya ng Isa na nagsugo sa kanya, ang Allah.

- Si Muhammad ay isang propeta na hindi **“Magsasalita nang mula sa kanyang sarili...”** Siya ang ginamit para ipahayag ng Diyos ang Kanyang Salita, ang Dakilang Qur’an. At binigkas ni Muhammad ang Salita ng Diyos sa Ngalan ng Allah. Binanggit sa Bibliya na **“kanyang sasalitain sa Aking pangalan... ”** (Deuteronomio 18:19). Katunayan, ang mga kabanata ng Dakilang Qur’an ay sinisimulan, ***“Sa ngalan ng Allah.”***

- Si Muhammad at ang Dakilang Qur'an ay pumuri nang labis kay Hesus. Bilang parangal sa kanya, naiibigan ng mga Muslim na pangalanan ang kanilang mga anak ng Eesa (orihinal na pangalan ni Hesus).

Bilang karagdagan, nang tanungin ng mga Hudyo si Juan Bautista kung sino siya, itinanggi niya na siya ang Kristo o si Elias o ang Propetang yaon. "Sino ka ba?" Siya'y nagpahayag at hindi ikinaila kundi sinabing, "Hindi ako ang Cristo." Siya'y kanilang tinanong, "Kung gayo'y, ikaw ba si Elias?" At sinabi niya, "Hindi ako." "Ikaw ba ang Propeta?" Siya'y sumagot: "Hindi." (Juan 1:19-21)

Muli, ikinakatwiran ng mga pantas na Muslim na si Muhammad ang tinutukoy sa tekstong ito ng Bibliya: "Ikaw ba ang Propeta? Siya ay sumagot: "Hindi." Kung gayon, sino ang Propeta yaon?  Maliwanag na ang "Propetang yaon" ay hindi si Juan Bautista o di kaya'y si Hesucristo, na pinatunayan mismo ni Juan.

Samakatuwid, ang isang matalino at tapat na mananaliksik ng katotohanan ay magtatanong nang makabuluhan:

- **Sino ang Propetang yaon?**
- **Sino ang tunay na Propeta na darating pagkatapos ni Juan at Hesus na magpapahayag ng kanilang orihinal na mensahe hinggil sa pagsamba sa Iisang Diyos?**

# Siya ay si Muhammad!






## MGA HANGO NG KUNG ANO ANG KANILANG SINABI HINGGIL KAY PROPETA MUHAMMAD


Maraming magagandang bagay ang naisulat tungkol kay Propeta Muhammad (nawa'y mapasakanya ang kapayapaan at pagpapala ng Allah). Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga pahayag ng mga tanyag na tao:

Si Lamartine (ang kilalang mananaysay) ay nagwika, batay sa salin ng kahulugan: *"Kung ang kadakilaan ng layunin, pagiging kaunti ng mga kaparaanan at namumukod tanging bunga ang kinalabasan ay ang tatlong batayan ng pagiging henyo (genius) ng isang tao, sino ang magkakalakas-loob na ihambing ang sinumang dakilang tao sa makabagong kasaysayan kay Muhammad?"*

Tinapos niya sa pamamagitan ng pagsabi na: *"Patungkol sa lahat ng mga pamantayan na maaaring maging sukatan ng kadakilaan ng tao, dapat pa nga ba nating itanong: "Mayroon pa bang ibang tao na mas higit na dakila sa kanya?"*

(Histoire De La Turqvie, Paris 1854 – Vol. II, pp. 276 – 277)


Sa kanyang aklat na **'The 100: A Ranking of the Most Influential Persons in History,'** sinabi ni Michael H. Hart, batay sa salin ng kahulugan: *"Ang pagpili ko kay Muhammad upang manguna sa listahan ng mga pinakamaimpluwensiyang tao sa buong mundo ay maaaring ipagtaka ng ilang mga mambabasa at maaaring pag-alinlanganan ng iba, subali't siya lamang ang natatanging tao sa kasaysayan na naging matagumpay sa mataas na antas sa larangan ng relihiyon at sekular."*




Bilang pagtatapos, sinabi ni Hart na: *"...itong walang kahalintulad na kombinasyon ng sekular at pangrelihiyon na impluwensiya ang naghatid sa akin upang ituring si Muhammad na nag-iisang pinakamaimpluwensiyang tao sa kasaysayan ng sangkatauhan." (pahina 40)*


Sa kanyang aklat na, **'The Genuine Islam,'** sinabi ni Sir George Bernard Shaw, batay sa salin: *"Ako ay naniniwala na kung ang isang taong tulad niya ay maging isang pinuno ng makabagong daigdig, magtatagumpay siyang lutasin ang mga suliranin nito sa isang kaparaanang magdudulot ng labis na kapayapaan at kaligayahan na siyang labis na kailangang-kailangan…"*

Idinagdag pa ni Shaw: *"Siya lamang ang pinakakatangi-tanging tao na yumapak sa ibabaw ng kalupaan, na napakalayo ng kanyang agwat o antas sa kaninuman. Nangaral siya ng relihiyon, nagtatag ng estado, nagtayo ng sambayanan, nagpanukala ng alituntunin na moral, nagpasimula ng napakaraming panlipunan at pangpolitika na reforma, nagtatag ng isang makapangyarihan at matibay na lipunan upang isagawa at kumatawan ng kanyang mga katuruan at pinagpabago nang ganap ang larangan ng kaisipan at pag-uugali*



*ng tao sa lahat ng mga panahon pang darating."* (The Genuine Islam, Vol. I, 1936)

Binanggit ni Mahatma Gandhi, *bilang salin: "Mas lalo akong nakumbinsi na hindi espada ang dahilan na nahikayat ang (mga tao sa) isang lugar para sa Islam sa mga panahong yaon sa kaparaanan ng pamumuhay. Ito ay dahil sa pagiging tibay ng kasimplehan nito, at pagpapakumbaba ng Propeta, ang napakamaingat na pagsasaalang-alang sa kanyang mga pangako, ang kanyang labis na malasakit sa kanyang mga kaibigan at mga tagasunod, ang kanyang katatagan o pagiging buo ng loob, ang kanyang katapangan, ang kanyang ganap na pagtitiwala sa Diyos at sa kanyang misyon."* (Young India Newspaper)



Naniniwala si Wolfgang Goethe (ang pinakatanyag na makata ng Europa), batay sa salin, na:

*"Siya ay isang propeta at hindi isang makata, na kung kaya, ang kanyang Qur'an (ang ipinahayag sa kanya) ay dapat ituring na isang sagradong batas at hindi bilang isang aklat ng tao, na ginawa para sa edukasyon o libangan."*

Nabanggit sa Encyclopedia Britannica (Vol.12) na: *"Maraming detalye mula sa mga naunang pinanggalingan ang nagpapakita na siya ay isang tapat at matuwid na tao na nagkamit ng paggalang at nakuha niya ang simpatiya o katapatang-loob ng ibang tao na katulad din niyang magagalang*

*at matutuwid."* **"... Si Muhammad ang pinakamatagumpay sa lahat ng Propeta at sa mga personalidad na pangrelihiyon."**

Si Thomas Carlyle, sa kanyang aklat na **'Heroes and Hero-worship,'** ay nagsabi: *"Paanong ang nag-iisang tao, na nagawa niyang pag-isahin ang magkakaaway na mga tribo at mga Bedouin tungo sa pagiging isang pinakamapuwersa at pinakasibilisadong nasyon sa loob ng kulang lamang sa dalawang dekada." "…Ang mga kasinungalingan (paninirang-puri ng mga taga-Kanluran) na kung saan ang sigasig ay umapaw sa palibot ng lalaking ito (Muhammad) ay kahiya-hiya lamang sa ating mga sarili."*

Sa isang sulating napapanahon, si John Esposito (isang Propesor ng relihiyon sa unibersidad at pandaigdigang kapakanan, Director ng Center for International Studies sa College of the Holy Cross, at Founding Director of PABT Center for Muslim-Christian Understanding Georgetown, University, USA), binanggit niya sa kanyang aklat, **'Islam: The Straight Path,'** batay sa salin: *"Si Muhammad ay kabilang sa mga dakilang personalidad na pangrelihiyon, mga propeta at mga nagtatag ng mga relihiyon, na kung saan ang kanyang kahanga-hangang pag-uugali at pagkatao ay pumukaw ng mga di-pangkaraniwang pananalig at ng mga may paninindigan sa pagtupad sa pangako. Ang kanyang namumukod-tanging tagumpay sa paghikayat ng mga tagasunod at paglikha ng batas-panlipunan na nangibabaw sa Arabia ay hindi lamang dapat na itangi sa kanyang pagiging magaling sa taktikang pangmilitar kundi siya rin ay isang katangi-tanging tao… Nakita mismo ng mga tagasunod ni Muhammad na siya ay isang matuwid, mapag*

*kakatiwalaan, may takot sa Diyos, matapat at mahabagin." (Esposito 2004)*

Nilinaw din niya na: *"Hindi si Muhammad ang nagtatag ng Islam, at hindi rin siya nagpanimula ng panibagong relihiyon."*

At binigyang-diin ni Prof. Esposito ang katotohanan na: *"Dinala ng Islam ang repormasyon, ito ay isang muling panawagan sa ganap na pagsuko (Islam) sa Allah at pagsasakatuparan ng Kanyang kagustuhan na inihayag sa ganap nitong kaanyuan bilang panghuli kay Muhammad, ang kahuli-hulihan o selyo ng lahat ng mga Propeta. Samakatuwid, para kay Muhammad, ang Islam ay hindi isang bagong pananampalataya bagkus ito ay pagpapanumbalik sa totoong pananampalataya…"*



## MGA MAGAGANDANG KAWIKAANG PANG-PROPETA

Natatandaan mo pa ba kung ano ang nabanggit sa Unang Bahagi (Tuktok Lamang ng Bundok ng Yelo ang Nakalantad) ng aklat na ito? Ang mga konseptong nabanggit doon ay batay sa patnubay ng Qur'an at mga katuruan ni Propeta Muhammad. Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga halimbawa ng mga pang-propetang kawikaan nang sa ganoon ay mamamalas ninyo ang ganda at matikman ninyo ang tamis nito, batay sa salin.

- *Ang mabuting salita ay kawanggawa.*
- *Ang tapat na pagngiti ay kawanggawa.*
- *Ang pinakamabuti sa inyo ay ang may pinakamagandang pag-uugali.*
- *Ang pagtanggal ng isang nakapipinsalang bagay sa daan ay kawanggawa.*
- *Ang pinakamabuting aspeto ng pananampalataya ay pag-titimpi at pagpaparaya.*
- *Isang lalake ang nagtanong sa Sugo ng Allah: "Anong aspeto ng Islam ang pinakakanais-nais?" Siya'y tumugon: "Pagbibigay ng pagkain at pagbati (ng salam) sa iyong kakilala at hindi mo kakilala."*

- *Bukod dito, sinabi ni Propeta Muhammad (nawa'y mapasakanya ang kapayapaan at pagpapala ng Allah):*

- *Ang Nag-iisang Mahabagin (Diyos) ay may habag sa mga taong mahabagin. Kung magiging mahabagin ka sa mga yaong nasa kalupaan, Siya na nasa ibabaw ng kalangitan ay magiging mahabagin sa iyo.*

- *Siya na nabusog sa kanyang pagkain samantalang ang kanyang kapitbahay ay gutom na nagtungo sa higaan nito ay hindi (ganap na) mananampalataya.*

- *Ang malakas ay hindi yaong naitumba niya ang isa (sa pagbubunuan), katotohanan ang malakas ay yaong napipigil niya ang kanyang sarili sa oras ng galit.*

- *Katotohanan, ang Allah ay hindi Niya kayo hinahatulan sa pamamagitan ng inyong mga katawan at ng inyong mga anyo kundi sinusuri Niya ang inyong mga puso at tinitingnan ito sa inyong mga gawa.*

- *Ang pinakamabuti sa inyo ay (siya na) pinakamabuti sa kanyang pamilya, at ako ang pinakamabuti sa inyo sa kanyang pamilya.*

- *Ang pinakamabuti sa inyo ay yaong pinakamabuti sa kanilang mga kababaihan.*

- *Ang pinakamabuti sa Islam ay yaong kumikilos nang mahinahon at mapagparaya.*




- *Ang pinakamabuting tao ay yaong kapaki-pakinabang sa (ibang) tao.*

**Ilan lamang ito sa mga halimbawa ng pang-propetang karunungan, kahanga-hanga at malagintong mga pananalita.**

Bilang pagsasapamuhay ng kanyang mga sinabi at itinuro, ang mga pakikitungo at asal ni Propeta Muhammad sa iba ay sumasalamin sa kanyang espesyal at natatanging pagkatao sa kanyang mga moral, habag, katapatan, sinseridad, kabaitan, pagiging makatotohanan, pagpapakumbaba, pagiging mapagbigay, pagiging mapagpatawad, pagtitimpi at pagpaparaya, maging ang mga iba pa niyang mga dakilang katangian. Ang mga kuwento, mga halimbawa at mga katibayan ng kabigha-bighaning mga katangian ito ng huling Propeta ay sadyang napakarami para mabanggit lahat dito nang detalyado. Magbigay lamang tayo ng ilang halimbawa.

- Pagkatapos siyang tanggihan ng kanyang mga kaaway sa Makkah at di paniwalaan ang kanyang mensahe, Islam…

- Pagkatapos siyang pagmalupitan at maltratuhin, at pag-tangkaan ang kanyang buhay ng maraming beses…

- Pagkatapos pahirapan nang masidhi at patayin ang marami niyang mga tagasunod at mga mahal sa buhay...

- Pagkatapos siyang labanan at ang kanyang mga kasamahan, at paalisin sila sa kanilang mga tahanan, kamkamin ang kanilang mga kayamanan at lupain...

Ano ang isinukli ni Muhammad sa kanyang mga kaaway sa Makkah nang pumasok siya rito at palayain ito mula sa karumihan ng pagsamba – idolotriya at paganismo?

Sa pagpukaw ng dakilang tagumpay ni Muhammad at ng mga Muslim, at sa kasukdulan ng kanilang kasiyahan at matinding kaligayahan dahil sa kanilang pagbabalik sa kanilang tahanan, sa Sagradong Lunsod ng Makkah, tinipon ni Propeta Muhammad ang mga taga-Makkah na sila'y nangangamba na baka sila'y saktan o patayin bilang ganti sa mga nakaraang ginawa nila na pagmamalupit at pagpatay sa mga Muslim.

Tinanong sila ni Muhammad: *"Ano sa palagay ninyo ang gagawin ko sa inyo?"* Sila ay sumagot: "Ikaw ay kapatid na may mabuting-loob at anak ng kagalang-galang naming kapatid." At pagkatapos, ang mabait, mapagparaya, may mabuting-loob at maawain na Propeta ay pinatawad sila, at ipinahayag sa kanila: *"Walang pinsala na darating sa inyo. Maaari kayong tumungo saanman ninyo nais. Kayo ay malaya na."*

- **Nakakita ka na ba ng ganitong uri ng tagpo?**
- **Nakarinig ka na ba ng ganitong kuwento?**
- **Nararamdaman mo ba ang habag ng Propeta?**

Bilang pagsasalarawan sa walang kahalintulad na makasaysayang tagpo na ito, sinabi ni Prof. John Esposito, batay sa salin: *"Ang pag-iiwas na maghiganti at di pagdarambong sa nasakop, ang Propeta ay nagsagawa ng pagsasaayos, at naggawad nang ganap na pagpapatawad sa halip na gamitan niya ng espada ang kanyang mga dating kaaway. Dahil doon, ang mga taga-Makkah ay yumakap sa Islam, tinanggap ang pamumuno ni Muhammad at napabilang sa Ummah (komunidad ng mga Muslim).*

Sa kabaligtaran naman, lingid ba sa inyong kaalaman ang mga kalupitan at kabangisan na ginawa ng mga ‘super-power’ na mga bansa noong sila’y lumusob nang di-makatarungan, nanakop at nagmalupit, sa tanang kasaysayan ng sangkatauhan?

Sa katunayan, habang lalo nating natutuklasan ang buhay ni Muhammad, ay lalo nating nakikilala ang napakaganda nitong pagkatao at katangian, at siya sa katunayan ay ***“isinugo bilang habag sa lahat ng mga nilalang.” (Dakilang Qur’an, 21:107).***

Sinabi ni Propeta Muhammad, batay sa salin: *“Ako’y ipinadala upang isakatuparan nang ganap ang marangal na katangian ng pag-uugali.”*

Bilang pagpapatotoo sa bagay na ito, binanggit sa Dakilang Qur’an: *“At walang pag-aalinlangan, ikaw (O Muhammad) ay nagtataglay ng napakataas na antas ng moral na pag-uugali.” (68:4)*





## IKAANIM NA BAHAGI

# MGA MAGAGANDANG PANGALAN AT KATANGIAN NG DIYOS

Ito ang mga kahulugan ng ilan sa mga pangalan at katangian ng Allah:

- **Allah**: Ang Pangalan ng nag-iisang tunay na Diyos
- **Ar-Rahman** : Ang Ganap na Mahabagin
- **Ar-Rahim** : Ang Napakamaawain at Ganap na Mapagmahal



*Ang mga Pangalan ng Allah na nakasulat sa wikang Arabic*

- **Al-Malik:** Ang Ganap na Nagmamay-ari at Hari ng lahat
- **Al-Quddus:** Ang Dalisay at Ganap na Napakalayo sa pagiging di-kaganapan
- **As-Salam:** Ang Ligtas sa lahat ng kapintasan, walang kakulangan ni pangangailangan man
- **Al-Hakeem:** Ang Ganap na Maalam, na inilalagay Niya ang lahat ng bagay sa ganap nitong kaayusan
- **Al-Alim:** Ang Walang-Hanggan at Ganap na Nakababatid ng lahat
- **Al-Baseer:** Ang Walang-Hanggan at Ganap na Nakakakita
- **As-Samee`:** Ang Walang-Hanggan at Ganap na Nakaririnig
- **Al-Adl:** Ang Ganap na Makatarungan
- **Al-Adheem:** Ang Pinakadakila
- **Al-Ghafoor:** Ang Ganap na Mapagpatawad
- **Al-Ali:** Ang Kataas-taasan, ang Napakadakila





***Ang ganda ng mga bukod-tanging katangian at kaganapan ay nauukol lamang sa Allah, ang Nag-lisang Tunay na Diyos. 'Katiyakan, naiibigan ng Allah ang magaganda.'***

Pang-propetang kawikaan.



## IKAPITONG BAHAGI

# PAGBUBUOD

Ang Islam ang tunay na relihiyon ni Adan at ni Eba at ng kanilang mga anak hanggang sa katapusan ng mundo. Ito ay simple, makatwiran, malinaw, praktikal at madaling maunawaan. Ang kagandahan ng Islam ay walang-hanggan, dahil ito ay mula sa Isa na Walang-Hanggan, ang Tagapaglikha.

***Ang nag-iisang tunay na Diyos, Allah, ay nagsabi sa Kanyang katangi-tangi at di-nabagong Qur'an, batay sa salin, na: "Sa araw na ito ay kinumpleto Ko nang ganap para sa inyo, ang inyong Relihiyon, at binuo Ko sa inyo ang Aking biyaya, at pinili Ko para sa inyo ang Islam bilang inyong Relihiyon." (5:3)***

Ang nag-iisang tunay na Diyos din ang nagsabi sa atin na si Muhammad ang Kanyang kahuli-hulihang Propeta na ipinadala para sa sangkatauhan (sa mga Hudyo, mga Kristiyano, mga Muslim, mga Budhista, mga Ateista, mga Agnostiko at iba pa).

Inialok ng Allah ang Kanyang gabay at liwanag sa lahat ng tao at Kanyang inihayag ang mga lihim at susi na sa pamamagitan nito ay makakamtan nila ang kapanatagan at kakuntentuhan, gayundin ang ispirituwal, panlipunan at pandaigdigang kapayapaan.

Tinuturuan tayo ng Islam na maging makatarungan, maalam, matapat, malinis ang layunin at maging bukas ang kaisipan sa ating pagsasaliksik para sa katotohanan at sa pakikitungo o paghuhusga sa iba.

Ang pagsasaliksik para sa katotohanan ay nararapat na nakabatay sa mapagkakatiwalaang pinagmulan at mapapanaligang katotohanan. At sa pakikitungo o paghuhusga sa iba ay nararapat na isagawa nang tama at makatarungan, pagpapakita ng kabutihan, tapat na pakikipagtalakayan, paggalang sa isa't isa at malinaw na pang-unawa.






## Mga Sanggunian at mga Pinagkukunan

Ang Dakilang Qur'an
Mga Hadith (Mga sinabi, ipinangaral at sinang-ayunan ni Propeta Muhammad)
Ang Bibliya

---

1. Just One Message, Dr. Naji I. Arfaj. 2001

2. Mula sa At-Tafsir Al-Muyassar – ang pagkakasalin ng kahulugan ng Dakilang Qur'an sa madali nitong pagkaunawa.

3. Realities of Faith. Umm Muhammad (Amerikanang manunulat at tagapagsalin). Saheeh International. Abul Qasim Publishing House, 1994

4. Islam Our Choice, Portraits of Modern American Muslim Women. Iniwasto nina Debra L. Dirks at Stephanie Parlove. Amana Publications, 2003.

5. The Rights of Non-Muslims in Muslim Countries. Prof. Saleh H. Al-Ayed. Ashbeelya Publishing House, 2001.

6. Islam: The Straight Path. John L. Esposito. Oxford University Press, 2004.

7. Malcom X: A Research Site. (www.brothermalcolm.net)

8. The Religion of Adam and Eve. Linda Barto. 2006 (Isang artikulong kanyang ipinadala sa akin), niyakap niya ang Islam kasama ng kanyang asawa at mga anak.

9. Mohammed, The Prophet. Prof. K. S. Ramakrishna Rao, Pinuno ng Kagawaran ng Pilosopiya, Pamantasan ng Mysore, India. Matatagpuan sa internet.

10. The 100: A Ranking of the Most Influential Persons in History. Michael H. Hart. Matatagpuan sa internet.

11. Tingnan ang ikaanim na sanggunian.

12. Mga piling Hadith mula sa The Best in Islam. Dr. Bilal Philips. Dar Al Fatah. UAE, 1996

13. Scenes from the Life of Prophet Muhammad. Dr. Muhammad Badawi. Dar Ibn Hazm Publishing House, 1993.

**Kung magpasya kang kunin ang landas na ito, maaari kang makipag-ugnayan sa isang Muslim na kaibigan, bisitahin ang mga iminumungkahing website sa dulo ng buklet na ito, bisitahin ang pinakamalapit na sentro ng Islam, o mag e-mail sa amin sa:**

**www.discoveritsbeauty.com**
**info@discoveritsbeauty.com**

**Mga kapaki-pakinabang na website sa Islam:**


* **http://www.quranexplorer.com**
* **http://www.islamhouse.com**
* **http://www.edialogue.org**
* **http://www.islamreligion.com**
* **http://www.newmuslimguide.com**
* **http://www.aboutislam.chat**
* **http://www.guidetoislam.com**

**Mga Naisulat At Ibang Mga Gawain Ng May-Akda**

* **Just One Message!**
* **God in Christianity... What is His Nature?**
* **Have You Discovered Its Beauty?**
* **100 Tweets About Islam**
* **50 Tweets About the Oneness of God**
* **100 Tweets About Muhammad**
* **The Series 'Discover Its Beauty in 7 Minutes' (Newly Developed!):**

**1- Just the Tip of the Iceberg**
**2- The Religion of Adam and Eve**
**3- The ABCs of Islam**
**4- Answering Humanity's Critical Questions**
**5- His Beautiful Names**
**6- The Last Revelation**
**7- The Final Messenger**

# Nabasa mo na ba ang aklat na ito?




**"Talagang naibigan ko ito, ito ang kauna-unahan na naunawaan ko kung ano ang nais sabihin ng isang tao tungkol sa Islam."**
**Allysa - Ottawa, Canada**

**"Maraming salamat sa iyong aklat na nagbukas ng aking pananampalataya na nasa sa akin."**
**Marie Anne - France**

**"Nabasa ko ang iyong aklat. Maraming matututunan dito at madaling basahin. Naibigan ko ang pagbabasa nito."**
**Janete - Brazil**

**"Nang simulan kong itong basahin, nagsimula ring magbago ang aking isipan at kaluluwa. Hindi ko mapigilan ang pagbabasa."**
**Daniel C. - Florida**



## TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si Dr. Naji Ibrahim ay nag-aral sa Pamantasan ng Pamahalaan ng Michigan at nakapagtapos dito ng M.A at Ph.D in Applied Linguistics ng taong 1995. Mahigit dalawampung taon ang kanyang ginugol sa pagsasaliksik tungkol sa comparative religion. Ang kanyang mga akda ay naisulat bunga ng kanyang malawak na pagsasaliksik at karanasan. Siya ay madalas na nagbibigay ng pampublikong aralin sa buong mundo.


عنوان الكتاب : هل اكتشفت جماله الحقيقي ؟ ( للتعريف بالإسلام )
باللغة الفلبينية
اسم المؤلف : د. ناجي إبراهيم العرفج


www.discoveritsbeauty.com